**ACTIVITY**

A. Decoding. Paano inilarawan si Haring Josiah mula sa Bibliya? Isulat ang letters sa patlang gamit ang decoder upang malaman ito.

| A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L | M |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 |

| N | O | P | Q | R | S | T | U | V | W | X | Y | Z |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |

___ ___ ___ ___ ___ ___ ___ ___
19-1 13-7-1 8-1-18-9-14-7 14-1-21-14-1 19-1 11-1-14-25-1 1-20 13-1-7-9-14-7

___ ___ ___ ___ ___ ___
19-1 13-7-1 19-21-13-21-19-21-14-15-4 1-25 23-1-12-1-14-7 13-1-9-20-21-20-21-12-1-4

___ ___ ___ ___ ___.
19-1 11-1-14-25-1-14-7 11-1-20-1-16-1-20-1-14 11-1-25 25-1-8-23-5-8

___ ___ ___ ___ ___
16-9-14-1-7-12-9-14-7-11-21-18-1-14 14-9-25-1 19-9 25-1-8-23-5-8 14-1-14-7

___ ___, ___ ___ ___ ___
2-21-15-14-7 16-21-19-15 2-21-15-14-7 11-1-12-21-12-21-23-1 1-20 2-21-15-14-7

___ ___ ___ ___ ___ ___
12-1-11-1-19 1-20 19-21-13-21-19-21-14-15-4 19-1 2-21-15-14-7 11-1-21-20-21-19-1-14

___ ___.
14-9 13-15-19-5-19

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ilang taon si Josiah nang siya ay naging hari? ______________________

2. Nang marinig ni Haring Josiah ang nakasulat sa Aklat ng Batas, bakit siya nalungkot?

3. Ano ang ginawa ni Haring Josiah matapos malaman ang mensahe ng Diyos sa pamamagitan ni propeta Huldah?

4. Anong mabubuting bagay ang ginawa ni Josiah bilang hari?

5. Paano natin malalaman kung paano sumunod sa Diyos?

Mahal na mahal ni Haring Josiah ang Diyos. Kaya nang malaman niya na sa matagal na panahon ay tinalikuran ng kanyang mga ninuno ang Diyos, ninais niyang baguhin at itama ito. Humingi siya ng tulong upang malaman ang kalooban ng Diyos at ibinahagi ito sa lahat ng taga-Judah. Ang pagmamahal ni Haring Josiah sa Diyos ay ipinakita niya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang kalooban. Bukod doon ay hinimok rin niya ang buong bayan ng Judah upang gawin ang kanyang hangarin. Ang panunumbalik nila sa Diyos ang naligtas sa kanila sa kapahamakan.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Timmy ay isang espesyal na bata, mahal na mahal niya ang pag-aaral ng Bibliya at palaging sinusubukan na gawin ang tama. Siya'y maingat na nakikinig sa mga kuwento at aral mula sa kanyang mga magulang at Sunday school teacher.

Gusto ni Timmy na tularan ang mga bayani sa Bibliya na sumusunod sa Diyos at tumutulong sa iba. Araw-araw, nagbabasa siya ng kaunting bahagi mula sa kanyang Bibliya para pag-isipan kung paano siya makakatulong at magiging mabait, tulad ni Jesus.

Isang hapon, habang si Timmy ay naglalaro sa park kasama ang kanyang mga kaibigan, napansin niya na may isang bata na pinagtutulungan ng mga ilang mas nakatatandang

bata. Naalala ni Timmy ang kuwento sa Bibliya tungkol sa Mabuting Samaritano, na tumulong sa isang taong nangangailangan, at nagpasya siyang tulungan ito.

Lumapit siya sa mga mas nakatatandang bata at sinabing, "Huwag ninyo siyang pagtulungan dahil wala naman siyang ginagawang masama sa inyo. Maglaro na lang tayo kasama ang aking mga kaibigan." May halong kaba na paanyaya ni Timmy sa mga bata. Alam niya na maaari din siyang mapahamak sa kanyang pagtulong ngunit alam niya na tinuturuan tayo ni Jesus na maging mabait at tumulong sa iba na nangangailangan. Huminto ang mga mas matatanda at nag-alisan. Napag-isipan nila na sila ay mali at nagpasyang iwanan na lang ang bata.

Nakita ng mga kaibigan ni Timmy kung ano ang kanyang ginawa at nagulat sila. "Timmy, ang tapang mo! Paano mo nalaman kung ano ang gagawin?" tanong nila.

Ngumiti si Timmy at sinabi, "Naalala ko lang ang mga kuwento mula sa Bibliya at kung ano ang nais ni Jesus na gawin natin. Dapat tayong maging mabait at maging handang tumulong."

Marami pang ibang pagkakataon na pinamalas ni Timmy ang lahat ng kanyang natutuhan sa pag-aaral ng Bibliya. Dahil dito namangha ang mga kaibigan ni Timmy sa kanyang kabutihang loob. Ninais din nilang matutunan ng higit pa ang tungkol sa Bibliya at kung paano sila pwedeng maging mabait at matapang tulad ni Timmy.

Labis na pinasalamatan ni Timmy ang Diyos, ang kanyang mga magulang at mga guro na tumutulong sa kanya na matutunan ang salita ng Diyos at kung paano ito maisasagawa sa kanyang buhay upang makatulong at magbigay inspirasyon sa kanyang mga kaibigan.

Tulad ni Timmy, ang kanyang mga kaibigan ay lumaki na natutunan na magmahal at magtulungan, ginawang mas masaya at ligtas ang kanilang lugar para sa mga tao.

Mga tanong:

1. Ano ang kahanga-hangang katangian ni Timmy?

   ______________________________________________

2. Paano nakatulong ang kaalaman ni Timmy sa mga kuwento sa Bibliya para makagawa siya ng mabubuting desisyon?

3. Bakit mahalagang gawin ang tama kahit kahit ito ay mahirap?

4. Sa iyong palagay, bakit mahalagang magbasa at matuto mula sa Bibliya?

Pinakita ni Timmy na kahit bata pa, maaari tayong gumawa ng malaking pagbabago sa pamamagitan ng pagaaral at pagsasabuhay ng mga aral ng Diyos at laging gawin ang tama kahit minsan ito ay mahirap isagawa. At dahil dito, siya ay nagiging mabuting impluwensya sa kanyang mga kaibigan upang tularan. Ang mga batang tulad natin ay dapat na tularan ang halimbawang pinakita ni Timmy sa kwento. Mag-aral, makinig at sumunod sa mga kwentong natutunan sa salita ng Diyos upang tayo ay maging mabait, matapang, at makatulong, tulad ng mga bayani sa Bibliya.



D. Memory Verse

Sa halip, maging mabait kayo at maawain; magpatawad kayo sa isa't isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay Cristo. **Efeso 4:32**